# BANTAY BALITA

NEWS PUBLISHING SERVICES

YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER

ISSN No. 2984-8563

domzcaoile@yahoo.com
taparaneliseo@gmail.com

VOLUME 2 NO. 11 | 10.00 | DECEMBER 11 - 17, 2023


# 7th KAWAYAN FESTIVAL

Kasabay ng pagdiriwang ng 296th Maragondon Founding Anniversary, idaraos ang inaabangang Kawayan Festival 2023.

Inianunsiyo ito ni Mayor Lawrence 'Umbe' Arca na sinabing bahagi ang festival sa programang Unlad Angat Kulturang Maragondon!

Kamakailan din, tumanggap ang Maragondon ng Ideal Functionality rating mula sa Local Commitees on Anti-Traffiking and Violence Against Women and their Children (LCAI-VAWCI) functionality assessement.

Bukod sa tuloy-tuloy na programa sa edukasyon, kalusugan, peace and order, pinalalakas ang industriya ng agrikultura sa munisipalidad at ang trabaho at kabuhayan ng mga mamamayan nito.

Tunay na isinasabuhay ng pamamahala ni Mayor Arca ang #UmaaksyonAgad #AlagangUA sa ramdam na ramdam ang pag-Unlad at pag-Angat ng Maragondon./ GENE T. TAN



Mayor Lawrence 'Umbe' Arca







# Akusado sa Percy murder, guilty!

Hinatulan ng dalawa (2) hanggang walong (8) taon na pagkabilanggo ang isa sa mga suspek sa pagpatay kay radio broadcaster Percy Lapid noong Okt. 3, 2022.

Umamin si Denver Mayores -- inmate sa New Bilibid Prison (NBP) -- na kasabwat siya pag-ambus kay Lapid o Percival Mabasa.

Ikaapat si Mayores sa mga suspek na hinatulan ni Las Pinas City Regional Trial Court Judge Harold Hulinganga sa krimen na iniuugnay si dating Bureau of Corrections (BuCor) chief General Bantay at deputy security officer Ricardo Zulueta na kapwa utak sa pagpatay kay Mabasa.

Una rito, hinatulan ding 'guilty' ang tatlo pang preso —Aldrin Galicia, Alvin Labra and Alfie Peñaredonda– na pawang kasangkot sa krimen. Kondenado rin sa pagpatay ang mga presong si Cristito Villamore Palana, mas kilalang si Jun Villamor, na itinurong ' middlemen' sa pagpatay sa radio broadcaster.

Kapwa pinaghahanap sina Bantag at Zulueta na kapwa nagsabing inosente sila sa Lapid murder case.

# Pilipino dapat humusga kay dating Pres. Duterte: Sen. Go

Sabi ni Sen. Bong Go: "Umiiral demokrasya dito sa atin. Kadalasan iniimbestigahan sa ICC yung lawless countries – may krimeng nangyayari, may dictator."

Kung kailangang usigin si dating Pres. Rodrigo Duterte, "Pilipino ang dapat humusga sa kanya. Hindi po, banyaga,' sabi ng senador.

May nakahaing resolusyon sa House of Representatives na hinihikayat si Pres. Bongbong Marcos na payagan ang mga prosecutor ng International Criminal Court (ICC) na imbestigahan at usigin si Duterte sa paratang na libo-



Sen. Bong Go



Former Prez. Rodrigo Duterte

libong suspek ang ipinapatay umano sa 'war on drugs' ng dating pangulo.

Umiiral nang maayos ang sistema ng hustisya sa Pilipinas, at walang pakialam ang ICC, paliwanag ni Sen. Go.

Dalawang taon nang hindi kasapi ng ICC ang Pilipinas../HENRY E. CAOILE

# Sa Cavite City: Aginaldong Noche Buena Pack, handa na!

Sana all, madalas nating naririnig, nababasa.

Sana nga, dahil sa Cavite City, sabi ni Mayor Denver Reyes Chua sa kanyang Facebook post, handa nang ipamigay ang Noche Buena Pack para sa 35,000 pamilya sa lungsod.





Sabi ng makisig na alkalde, "It's the most wonderful time of the year sa Cavite City."

Makatatanggap ng Noche Buena Pack ang lahat ng residente ng siyudad, sabi ni Mayor Denver.

Ito ay upang maing tunay na merry ang Pasko ng mga residente ng Cavite City.

Sabi ni Mayor Reyes Chua: "Sama sama natin ipag diwang ang mas pinasayang pasko dito sa Cavite City at sabay sabay nating pag saluhan ang regalo naming Noche Buena para sa inyo." /GENE T. TAN

# Thank You po, Lord God!



Sa Ganang Akin

# Xtreme Big Dis-counts




REVANZE

# Kahit kapos, masaya pa rin ang buhay sa laya



MAKIKIRAAN PO!

# Thank You po, Lord God!



**Sa Ganang Akin**

by Adela R. ZAMORA

Ang matagal ko nang iniintay na claim ko sa SSS, matatagalan pa siguro, kubg bakit para hindi pa nga ito ang tamang panahon na maibigay sa akin, at tanggap ko na ito, kasi, naniniwala ako, kung hindi pa para sa akin, hindi pa nga maibibigay sa akin.

May mga dahilan ang ating Panginoong Diyos na ang nais natin, hindi muna Niya ibibigay, at sino ang kukuwestiyon sa Kanyang nais para sa atin.

Ganito kasi, dapat noong nakaraang Friday. Dec. 8, isasabmit ko na ang lahat ng SSS requirement sa Caloocan City Deparo branch, pero kung anong malas, nawala ang ATM sa banko na aking ipaxe-xerox!

Kaya, ngayong week, sana, mai-submit ko na ang last requirement at matapos na ang paghihirap ko sa pagpa-follow-up, opo, pahirap mula sa mga security guard sa SSS Deparo branch na hindi yata alam, tatanda rin sila at saka nila maaalaala, na ang konting pribilehiyo sa mga amoy-lupa, hehehe na tulad kong more than 80 years old at mapagbigyan ng konting kaluwagan.

Ay, talaga, pag hindi pa naayos ang problema ko, lalapit na ako kay Sir USec Paul Gutierrez, kasi kasama sa security ng tulad kong lifetime memner ng National Press Club (NPC), kasama po ba sa mandato ng Presidential Task Force on Media Security (PTFMoS) ang concern ko na pinahihirapang makuha ang benefit sa SSS na dapat makuha sa benefits ng anak kong namatay, since ako lamang ang buhay niyang beneficiary?

Mananawagan na ako kay Sen. Imee Marcos na nakikita ko, sobrang malasakit sa mga oldies na mabigyan nang maagang cash benefits ang mga 80 years old pataas, e sabi nga niya, 'Aanhin pa ang damo kung patay na ang kabayo.'

Pero kahit wala akong pang-Noche Buena at pang-Media Noche sa aking pag-iisa sa buhay, mapalad pa rin ako sa regalong mahabang buhay na kaloob sa akin ng ating Panginoong Diyos Ama.

Ngayong taon lamang, maraming kasama sa media ang di-inaasahang namatay sa mas batang edad kaysa akin, at may mga kabataang media na may sakit, at nasa mga ospital, pero ako po, kahit kumakalog ang tuhod, ok pa rin ang health, at nakapagsasaya kahit paano sa piling ng mga kapwa ko "thunders' dito sa pansamantalang residence ko sa Bulacan.

Belated happy birthday sa aming friend, Gen, Trias City Mayor Jon-Jon Ferrer (Dec. 12), at advance happy birthday kay Imus City Mayor Alex 'AA' Advincula (Dec. 28) at makakalimutan ko ba, sa Dec. 29, kaarawan ng aming makisig, mabait na BantayBalita publisher, Sir Ka Domz B. Caoile.

More on my SSS claim, next issue po at sa mga may nais i-PR, ireklamo, eto ang aking email: arzmedia777@yahoo.com

# Xtreme Big Discounts

*mula sa pahina 8*

klaseng itong Xtreme Appliances, paano nila nagagawang mas mura ang presyo ng kanilang paninda?

Nito kasing Sabado, Dec. 9, naimbita kami sa opening ng bagong tindahan ng Xtreme sa 3rd floor ng Robinsons Place sa Imus City na kasama ang ilang kapatid sa media, at napansin namin, ang daming parukyano.

Ang mga paninda nila -- TV, refrigerator, electric fan, gas stoves, aircon, drier,rice cooker, washing machines, plantsa at iba pang kailangang gamit natin sa bahay.

Mayroon nang mahigit na 25 branches ang Xtreme, kabubukas din lang ang sa DiviMall sa Imus City, gayundin sa Gen. Trias City, sa Indang at iba pang lugar sa Cavite.

Balita natin, magtatayo na ng malaking warehouse ang Xtreme Appliances sa Bacoor City upang ma-accomodate ang maraming customer na tinatangkilik ang kanilang produktong appliances na matibay na, mas mura ang presyo, garantisado pa ang warranty.

Masaya ang pamilyang may Xtreme Appliances!

At di natin, makakalimutan, Happy Birthday in Advance po, Imus City Mayor Alex "AA" Advincula, mabuhay po kayo, at maraming salamat sa inyong ipinagkakaloob na tunay na serbisyong Imuseno.

More birthdays po, Mayor AA at advance happy holidays po sa inyong buong pamilya!

Para sa inyong komento, domzcaoile@yahoo.com













*The readiness assessment is part of PIA's 6-month journey in transitioning to the Quality Management System under ISO 9001:2015 standard. For implementation are the PIA central office divisions and pilot regions NCR and Region IV-A. The Development Academy of the Philippines provided the technical assistance to PIA for 6 months beginning Aug this year under a grant.*

# LETTER TO THE EDITORS

# Thank you, Kapitan Helyo!




As our former barangay captain, Angelito "Helyo" S. Oliver, steps down from his position, we reflect on the achievements and contributions he made during his five (5) years of hard work for our beloved barangay, Halang.

We express our gratitude for your remarkable service, dedicating your heart to every Halangeño without bias. You listened to our concerns and bore the weight of significant responsibilities as if you were everyone's father. We all know that your job is not an easy task, and we applaud you for handling it like a champ!

Your hard work paved the way for a better Halang through a long list of projects:

- Improvement of Brgy. Hall
- Ongoing construction of a new Brgy. Hall
- Construction of Pathways (Bagong Silang, Silangan, pathway from Silangan to Harbor)
- Declogging and Cleaning of canals
- Canal Construction at Bagong Silang
- Construction of Deep Wells
- Forty-seven (47) Units of Street lights (Halang proper, Silangan, Sampalukan)
- Installation of Solar Streetlights
- Installation of CCTVs
- Solution of BJMP Poso Negro Overflow
- Public C.R. for tricycle drivers at Villa De Adelaida
- Three (3) units of Ambulance
- Two (2) Rescue Patrol
- Garbage Truck
- Five (5) Units of Bukyo
- Halang Elementary School Signage Renovation
- Plant box and Flooring construction at Halang Elementary School
- Donations to National High School
- Pedestrian lane in front of Halang Elementary School, National High School, and INC Church
- School Improvement
- Donation of Learning toys at Halang Day Care Center
- Donation of wheelchairs and saklay to PWDs
- Donation of Calamity relief goods




We also will never forget how you represented our barangay and supported various institutions and projects for the betterment of Barangay Halang:

- Completion of Child-Centered Community-Based Disaster Risk Reduction and Management Training (2019)
- Commitment and contribution to the success of Resettlement Governance Assistance Fund (RGAF) in 2020
- Parangal na iginawad sa Brgy. Halang sa Pagpapatupad ng Katarungang Pambarangay (2021)
- Partnership in the success of Brigada Eskwela in 2022
- Donor during 2022 for Brigada Eskwela
- Partnership and support for the quality education of all learners of "Batang Halangeños" (2023)
- Compliance and proactive participation in the Implementation of Solid and Liquid Waste Management (2023)
- Partnership and Meetings with Single Parents and PWDs

As you move to the next phase of your life, we want you to know that you became a catalyst for change and created an impact on our lives. Your term may have ended, but you left a lasting legacy that we will never forget.

Again, thank you for the five wonderful years of your service! Our barangay wouldn't be in its current state without your efforts. We've seen what you've done, and we appreciate it. Now, we wish you the best in whatever comes next.

Improvement of Halang Brgy. Hall

Muli, maraming-maraming salamat, Kap Helyo. Mabuhay po kayo

Residents of Barangay Halang, Naic, Cavite















BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369
ISSN No. 2984-8563

**HENRY E. CAOILE**
*Founder*

**DOMZ B. CAOILE**
*Publisher*

**ELI TAPARAN II**
*Editorial Consultant*

**ADELA R. ZAMORA**
*Special Projects Director*

**GENE TAPARAN TAN**
*Chief of Reporters*

**JANETH W. BILBAO**
*Circulation Manager*

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# DOST 1 radiates awareness on Global Warming and Climate Change

The Department of Science and Technology Regional Office No. 1 in collaboration with DZAG Radyo Piliinas Agoo took a proactive stance in observance of the Global Warming and Climate Consciousness Week 2023 by conducting its 35th episode of the weekly radio program, "Tekno Presiyensya: SIyensya ken Teknolohiya para kadagiti Umili" on November 23, 2023, via Facebook live which aimed to raise awareness and understanding of critical climate issues among the public.

Ms. Loren Joy D. Estrebillo, an expert from the Impact Assessment and Applications Section of the Climatology and Agrometeorology Division at DOST PAGASA, served as the esteemed resource person. In her engaging presentation, Ms. Estrebillo navigated through the intricate topic of global warming, unraveling the complexities of the greenhouse effect and its direct correlation with human activities.

The greenhouse effect was explained, distinguishing between the natural and human-enhanced processes. Emphasizing the impact of fossil fuel combustion, she revealed the heightened human-enhanced greenhouse effect contributing to global warming. The discussion delved into the extensive ramifications of climate change, including water scarcity, disruptions in food production, threats to health and well-being, impacts on urban infrastructure, and effects on biodiversity and ecosystems.

Ms. Estrebillo presented alarming trends in the Philippine climate, noting an increase in hot days and a decrease in cold nights. Variations in rainfall patterns were highlighted, impacting different regions of the country. While there was a slight decrease in the number of tropical cyclones entering the Philippine Area of Responsibility, an increase in their intensity was noted. The discussion also touched upon the contribution of warming conditions to rising sea levels, particularly affecting islands in Mindanao and the western coasts of Central and Western Visayas.

DOST PAGASA's Climate Information Risk Analysis Matrix (CLIRAM) was introduced as a tool to assist Local Government Units (LGUs) in integrating climate change projections into their local action plans. (Christian Dominic I. Casmiro)




# 58K worth of Illegal Drugs seized; suspects arrested in a Buy-Bust Ops

Camp BGen Pantaleon Garcia, Imus City -- Cavite Province Police Office chief, Colonel Eleuterio M. Ricardo Jr. announced the arrest of the drug suspects and confiscation of more or less 8.5 grams of suspected shabu in a buy-bust operation conducted by the Operatives of Dasmariñas Component City Police Station in Brgy. San Nicholas 1, City of Dasmariñas, Cavite, on Sunday, December 10.

The suspects were identified as alias "Jerome," resident of Brgy. Sampaloc 4, and alias "Denjie" of Brgy. San Nicholas 1, this city.

The suspects were apprehended after they were caught in the act of selling shabu to a police officer who acted as a poseur buyer.

Four (4) pieces of heat-sealed transparent plastic sachet containing crystalline substance were seized from the suspects.

The police said that the confscated drugs weighing more or less 5.08 grams of suspected shabu has an estimated value of Php 58,650.

The suspects have been assessed of the rights and now are under the custody of the Dasmarinas police.

Jerome and Denjie were charged for violation of R.A. 9165 or the Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Acting Region 4-A police Brig. Gen. Paul Keneth T. Lucas commended the lead unit and Cavite Police, under the leadership of Col. Ricardo for their notable accomplishments and unwavering effort in intensifying anti-criminality operations against lawless elements within the area of Cavite.

Col. Ricardo encouraged the community to be a part of the PNP's efforts.

"Magtulong tulong tayo, at magpatuloy sa ating mas pinaigting na kampanya laban sa Kriminalidad sa ating lalawigan," Ricardo said./JW BILBAO

# Sa Dasmarinas City: Vale Encabo, Jess Frani, niluluto na?




Totoo ba itong nasagap ng radar ng aming palakang pagala-gala na may "niluluto" na ang Vale Encabo – Jess Frani tandem para ihanfa ang kanilang putahe sa nalalapit na Dasmarinas City mayoral and vice mayoral race sa 2025 election?

Pero sabi ng isang bubuyog na bulong nang bulong sa bahay-bahay ng Dasma, wala nang interes sa politika sina Vale at Jess at ang tinututukan na lamang nila ay ang kanilang negosyo at hanapbuhay.

Wala pa namang paramdam ang dalawang makisig na ginoo, pero sakali na mabuo ang tandem, may mga pangalan na raw na bubuo ng kanilang line-up, mula konsehal at provincial borad member.

Sinusulat natin ito, tikom pa ang bibig ni Encabo at maging si Jess Frani, at sabi, political intrigue lang, haka-haka lamang daw.







Wow, kamakailan, nagdaos ng 10 taon na pasasalamat si Konsi-Kap Eddie Umali ng Barangay San Francisco, General Trias City, at ang mga panauhing dumalo ay puro bigshots, sabi nga -- GenTri City Mayor Jon-Jon Ferrer, 6th Cavite Dist. Rep. Ony Ferrer, Vice ,Mayor Jonas Labuguen, Provincial Board Memer Moret Sison at ilang City Councilors.


Ipinagpasalamat ni Kap Eddie na ngayon ay Barangay Councilor ang 10 taon ma matagumpay na paglilingkod niya bilang kapitan ng San Francisco. at pasasalamat na rin sa bagong halala na Barangay Captain Ryan Tapawan Santor.

Naluluhang nagpasalamat sa suporta ng mamamayan ng Barangay San Francisco si Kap ngayon ay Konsi Eddie, siyempre kina Mayor Jon-Jon at Cong Ony na laging umaaalalay sa mga proyekto niya noon bilang kapitan ng barangay.

Sa kanyang mensahe, sinabi ni ni Mayor Jon-Jon ang paghanga niya kay Kap-Konsi Umali sa pagiging matapat at makabuluhang serbisyo niya sa mga residente ng Brgy. San Francisco, at umaasa ang alkalde na maipagpapatuloy ni Kapitan Ryan Santor ang magagandang serbisyo sa mga kabarangay.

Sabi ni Santor, makakaasa ang lahat ng kanyang mga kabarangay na kanyang pagbubutihin ang serbisyo para sa mga mamamayan ng San Francisco.

@@@



Dasmarinas City Acting Mayor Rex Mangubat, mahusay at hinahangaan ng mamamayan!

Opo, 'yan ang ating naririnig at nakikita sa paghawak pansamantala ni Vice Mayor Rex ang oamamahala sa city government, at siya, kamakailan, sa oathtaking ng mga nanalong barangay at Sangguniang Kabataan officials, halos dinumog siya ng mga residente at nagpapasalamat sa kanyang mga ginawang tulong.

Sa pamamahala ni Vice Mayor Mangubat, matagumpay na naidaos ang Paru-Paro Festival.

Masayang naidaos ang festival kaya wala ang mag-asawang Mayor Jenny A. Barzaga at Cong, Atty. Pidi Barzaga na nasa ibang bansa para magpagamot.

Nasa mabuti ng kalagayan ang mahal na Congressman Pidi at patuloy pa rin ang pananalangin para sa mabilis niyang paggaling.

Kami rito sa BantayBalita ay kasama sa panalanging makabalik po agad sa Dasmarinas sina Mayor Jenny at Cong. Pidi.

@@@



A thousand cheers sa mga elected Barangay Chairman ng City of Dasmarinas at bilang pagpupugay, atin silang ipakikalala (uli) sa mga mamamayan ng siyudad.

Siya si Brgy. Captain Jhon Jhon Hernandez ng Saint Peter 1 na muling nahalal sa kabila ng paninira ng mga kalaban sa nakaraang BSKE nitong Oktubre 30.

"Sa amin pong kabarangay, ipinaabot ko ang maraming pasasalamat sa pagtitiwala na inyong ibinigay sa akin upang muli kayong mapaglingkuran sa ikalawang pagkakataon," sabi ni Kap Jhon Jhon.

Nasabi niya na matindi ang inabot na black propaganda laban sa kanya, at hindi napaniwala ang mga kabarangay at muli nga siyang inihalal na Kapitan ng St. Peter 1.

Sa mga nakausap natin sa kanyang barangay, isa sa hinangaan kay Kap Jhon Jhon ay ang pagiging tapat sa kanyang serbisyo; hindi siya korap na ipinaratang ng mga katunggali,

Hindi siya umaasa sa barangay, sabi nga ng kauusap namin, at matulungin si Kap Jhon Jhon na madalas, kumbaga, sa sariling pera mula sa sarling negosyo ang ipinangtutulong sa mga lumalapit sa kanya.

Sabi nga niya, masaya siya na naglilingkod sa kabila ng mga sakripisyo, ito ay sa kagustuhan niya na mapabuti ang buhay ng mga nasasakupan.

Sa mga nanalong barangay council members, mabuhay at congratulations!

@@@



Iba talaga kapag ang isang Kapitan ay napakataas ng kredibilidad at integridad sa mga kapwa niya sa City of Dasmarinas.

Saksi ang pahayagang ito sa nakaraang botohan ng 2024 Association of Barangay Captains (ABC) na-elect na ABC president si Barangay Langkaan 2 Kapitan Fernando Laudato at ngayong taon, mauupo siya bilang ex-officio member Sangguniang Panglungsod ng Dasmarinas.

Kahit minsan, sa lahat ng halalang barangay, hindi nakatikim ng pagkatalo si Kap Ando, nalaman natin at ito ay dahil sa mahusay niyang pamamahala sa nasasakupan.

Kahit ang mga kapwa niya punongbarangay, hinahangaan si Kap Ado sa mahusay niyang pamamahala sa barangay. Aba, kung wala palang term limit ang pagiging kapitan ng barangay, posibleng dekada-dekada na mauupo si Kap Ando!

Kaya karapatdapat lamang na maging Ama ng mga Kapitan ng Barangay si Kap Ando. Mabuhay po kayo at ang buong Sangguniang Barangay ng Langkaan 2.

@@@



May sekreto ba sa tagumpay ni Kapitan Ryan Tapawan Santos ng Barangay San Francisco, General Trias City?

Unang takbo niya bilang kagawad, top number one siya, ang galing di po ba?

Nakita ng mga kabarangay ang husay nya Numero Unong Kagawad at nitong nakaraang eleksiyon, kahit may natitira pang termino para tumakbo, sinuportahan ni Kapitan Eduardo Umali si Ryan na tumakbong kapitan.

Isang tunay na maginoo, nagbigay-daan si Kap Umali kay Kagawad Santor na kapwa pinagkatiwalaan ng mga mamamayan ng San Francisco kaya kapwa nagwagi sa nakaraang BSKE 2023.

Masusubukan ngayon ng mga taga-Brgy San Francisco ang kakayahan ni Kap Santor na siyempre, gagabayan siya ni dating Kapitan, ngayong ay Kagawad Umali.

Mabuhay po kayo, Kap Ryan, Kagawad Eduardo at buong Sangguniang Barangay at Sangguniang Kabataan ng Brgy. San Francisco!

Para sa inyong mensahe, tomhalim195@yahoo.com

# Cavite Provincial Forensic Unit donates blood




Bloodletting event organised by the Cavite Provincial Forensic Unit in partnership with (nasa picture Trish) held today, October 9 at the fourth floor of the Robinson's Place in Imus City. This annual event aimed to collect a variety of blood products that will be utilized in saving the lives of patients especially among in-patients of BGH who are in need of blood.

It was believed that donating blood is to rid the body of impure fluids to cure a host of conditions. **Ruel Francisco, PIA-Cavite/Cavite Press Corps**




Tama ang kasabihan, kapag may tiyaga, may nilaga!

Kaya masaya si newly elected Brgy Captain Chrisanto Caraig Igle Maya na pinagkatiwalaan ng mga kabarangay Paliparan 3 at sobrang swerte dahil nahalal din Sangguniang Kabataan (SK) ang anak niya, Chairwoman si Chair Bianca Maya.

Nakailang pagsubok din si Engr. Cris na hindi sila pinalad pero hindi siya pinanghinaan ng loob, at ngayon, sa wakas, double victory pa ang natamo ng mag-ama sa nakaraang BSKE.

Kaya, ganun na lamang ang pasasalamat nina Kap Cris at anak nyang si SK Chair Bianca na sa panunungkulan ngayon, maipakikita nila ang malaking pagbabago sa Brgy. Paliparan 3.

Sa panayam ng BantayBalita, sinabi ni Kap Cris na una sa lahat, nagpapasalamat siya sa Diyos at sa mga kabarangay na nagtiwala sa kanilang mag-ama.

"Amin pong gagawin ang higit pa sa aming makakaya upang mapabuti ang kalagayan ng ating barangay. Sobra-sobra pong pasasalamat sa aming kabarangay sa inyong tiwala at suporta," sabi ni Kap Engr. Cris.

A thousand cheers, Kap at SK Chair Bianca!





# PABATID SA PUBLIKO

Pansamantala pong ihihinto ng ating opisina ang pagtanggap ng mga dokumento para sa **burial, financial**, at **medical assistance** simula ngayong **Lunes, Disyembre 11, 2023**, upang magbigay-daan sa **taunang auditing** ng **DSWD Region 4-A** at ng Accounting Office ng Pamahalaang Lungsod.

Muling magbubukas ang ating tanggapan para sa mga nasabing assistance sa **Enero 3, 2024.**

Maraming salamat po.

CONG AJ ADVINCULA

Congressman ADRIAN JAY "AJ" C. ADVINCULA


# Kahit kapos, masaya pa rin ang buhay sa laya



MAKIKIRAAN PO!

ni Janet W. Bilbao

Ilang tulog na lang, wika nga, Pasko na at sa pagsasaya, kahit Paskong Tuyo, may nakaalala kaya sa mga nasa piitan, mga detenido na may nakabimbing kaso sa korte.

Okey lang, kahit daing, konting kanin, kahit walang 12 prutas sa mesa sa Noche Buena: mahalaga, kapiling ang pamilya, walang sakit, kahit maraming problema, matatag ang loob na haharapin ang anomang darating sa darating na 2024.

Naiisip ko, paano kaya ang buhay ng mga batang ulila, mga homeless na malaya nga, pero nakapiit sa kahirapan, bawat minuto, pakikibaka sa buhay -- paano papatahimikin ang hapdi ng sikumura.

Naalaala ko, ang mala-sardinas na sikip sa mga piitan, marami sa mga naka-detain ay bikitma ng kahirapan, walang maipampiyansa sa pansamantalang paglaya sa paratang na gawa-gawa lamang.

Alam natin, hindi lahat ng nakapiit, may kasalanan; may mga nakabilanggo na dapat nang nakalaya pero sa bagal ng gulong ng korte, masikot na proseso na paglakad ng mga dokumento, nagtitiis pa rin sa kulungan.

May mga kaso na kung mahatulang 'Guilty!' at ang parusa ay isang taon, ang pobre ay nasa kulungan dahil sa nagtambak na kaso na hawak ng hukom, madalas napo-postpone ang hearing na inaabot ng mahigit isang taon, at ang resulta, hindi nga nahahatulan pa, pero pinagdusahan na ang kaso na mapatutunayang hindi pala 'Guilty!'

Paano maibabalik ang nawalang mga araw, buwan na hindi nakapaghanapbuhay ang isang biktima ng inhustisya -- ano ang compensation, sorry na lang, e sabi nga, 'Justice delayed, justice denied."

Sa survey noong December 2021 may 199,079 inmates o preso na tinatawag nating persons deprived of liberty (PDL) na sa bilang na ito, 13,704 ay babae, at naitanong ko sa sarili ko, ilan kaya sa kanila ang nasa piitan pa, at ilan ang nasa laya na, at kumusta ang kanilang buhay.

Kaya nasabi ko, napakasuwerte ko pa rin, kahit mahirap, nakukuha sa tiyaga ang buhay, at kahit paano, nasa laya, nakapagsasaya, kahit kapos sa buhay at maraming matutulunging tao na umaalalay sa akin.

Sana, dito sa Cavite, magkaroon ng pagkakataon na ma-review ang kalagayan ng mga PDL para mapalaya ang mga dapat palayain at mabigyang ginhawa kahit paano ang mga napagkaitan ng kalayaan.

May mga nakabilanggo na siguro nga ay totoong sila ang kriminal, at sana, madinig ang kaso nila nang mabilis at mapatunayang 'Guilty' nga sila nang mapayapa ang buhay ng kanilang mga biktima at makamit nila ang tunay na hustisya.

Ito lamang, maraming salamat, ingat, mahal naming BantayBalita readers.

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE DECEASED PERSON ALFONSO BAUTISTA ORTEGA WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **ALFONSO BAUTISTA ORTEGA** who Died on November 10, 2016 at Jose R. Reyes memorial medical center Manila, Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. T-731754 Situated in the brgy. Mambog, Municipality of bacoor, cavite Containing an area of (44) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, Executed before notary public atty. Fe B. AÑONUEVO Under DOC. No. 224 Page No. 45 Book No. 158Series of 2023 Notarized Date: December 11, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 11, 18 & 25, 2023**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE DECEASED PERSON FRANCISCO R. LIM WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **FRANCISCO R. LIM** Who Died on April 6, 2015 at Los Angeles, CA, USA Left a parcel of Land Situated in BO. Of tanzang luma, Municipality of Imus, cavite covered By transfer certificate of TITLE No. T-713040 (86) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs Executed before notary public atty. Elpidio M. Paligutan Under DOC. No. 297Page No. 61 Book No. VSeries of 2023 Notarized Date: December 6, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 11, 18 & 25, 2023**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF EDILBERTO R. GRAIDA WITH WAIVER OF RIGHTS

Notice is hereby given that the estate of the late **EDILBERTO R. GRAIDA,** who died on July 10, 2005 at the City of Manila left Two (2) parcels of land covered by transfer certificate of title no. T-1049003 situated in brgy. Tabon, kawit, Cavite with a residential house under tax declaration no.AA-11-0010-101043 (150) SQM. Tax declaration no.11-0013-00529 situated in brgy. Wakas, kawit, cavite with residential house under tax declaration no. AA-0013-00399 (94) SQM. Extra judicially settled among legal heirs, executed before notary public atty. Fe B. Añonuevo, under doc. No. 192 page no. 39 book no. 155 series of 2023 notarized date: august 16,2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 4 ,11 & 18, 2023**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE DECEDENT EDWIN SERRANO VELUZ WITH RENUNCIATION OF RIGHTS

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **EDWIN SERRANO VELUZ,** who Died last February 21, 2021 at trece Martirez city, cavite Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. T-328560 Situated in brgy. Lapidario, city of trece martirez, province of cavite (150) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, Executed before notary public atty. Fe B. AÑONUEVO Under DOC. No. 110Page No. 22Book No.158 Series of 2023Notarized Date:December 4, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 4 ,11 & 18, 2023**


CITY OF DASMARIÑAS

EMERGENCY HOTLINES

EMERGENCY OPERATIONS CENTER
(046) 435-0183 0917 721-8825
(046) 481-0555 0998 8435477
(046) 686-6608 0908 8185555

BUREAU OF FIRE PROTECTION
(046) 416-0875 0995 336-9534
(046) 424-2537 0992 448-7857

PHILIPPINE NATIONAL POLICE
(046) 416-0254 0929 665-9533
(046) 424-2924 0998 598-5595
0956 800-3329

MERALCO
0917 551 6211 0920 971-6211

AMBULANCE CENTER
0998 566-5555


### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF GUILLERMA LINGO ITOC

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **GUILLERMA LINGO ITOC** Who Died on April 17, 2003 in maragondon, cavite Left a parcel of Land covered By transfer certificate TITLE No. T-280537 Situated in brgy. Muzon Municipality of naic, cavite (9,824) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs Executed before notary public atty. Earl alfred B. Reyes Under DOC. No. 397Book No. 81Page No. VII Series of 2023 Notarized Date: Oct. 18, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 27, DECEMBER 4 &11, 2023**

### DEED OF EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH SALE

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late spouses **GALICANA G. RIGINDING** Who Died on January 18, 2000 in tanza, cavite and ANDRES V. RIGINDING who Died on December 27, 1994 in tanza, cavite Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. T-208058 Situated in brgy. Bukal,Municipality of tanza (462) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, Executed before notary public atty. Henry D. Adasa Under DOC. No. 211 Page No. 44Book No. XXIIII Series of 2023Notarized Date: October 25, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 4 ,11 & 18, 2023**

### DEED OF EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE (BY 2/ MORE HEIRS )

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **EXELYN D. NAVARRO** who Died on October 11, 2023 in tagaytay city, cavite Left a properties as described below: PSBC current account No.11555100 2998 balance amounting to 60,782.03 divided equally in four heirs namely ROBELYN N. NAZARENO, RONNIE D. NAVARRO, RONALYN D. NAVARRO, SHARON D. NAVARRO EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, Executed before notary public atty. Cheryl D. Alsim under DOC. No. 9283Page No. 73Book No.XIX Series of 2023 Notarized Date: November 15, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 27, DECEMBER 4 &11, 2023**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE (MOTOR VEHICLE) OF THE LATE MARIO GARCIA ADVINCULA WITH WAIVER OF RIGHTS

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **MARIO GARCIA ADVINCULA.** Who Died on January 05, 2022 at Dasmariñas city, Left a motor vehicle described as follow make: sky60 type denom: jac/tricycle chassis No. LX8PCJ 509FE011447 engine No.1567M12141067 MV FILE No.0401-0000017 7297. CR No.198998 645 plate No. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs ,Executed before notary public atty. Lynyrd Christian M. Cuizon Under DOC. No. 350 Page No. 71Book No. III Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 27, DECEMBER 4 &11, 2023**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF MACARIO DIAZ CARPIO WITH RENUNCIATION ABANDONEMENT OF RIGHTS.

Notice is hereby Given that the estate of the late **MACARIO DIAZ CARPIO,** who Died on June 19, 2023, at brgy. Putatan, muntinlupa city Left a parcel of Land described as follows:

1.) TCT NO.188966 of the register of Deeds makati, Situated in brgy. Putatan, muntinlupa city. ( 281 ) SQM.

2.) TCT NO.188967 of the register of Deeds makati city, Situated in brgy. Putatan, muntinlupa city ( 756 ) SQM.

3.) TCT No.131516 of the register of Deeds makati city, Situated in brgy. Putatan muntinlupa city, ( 319 ) SQM.

4.) TCT No. 175007 of the register of Deeds makati city, Situated in brgy. Putatan, muntinlupa city ( 1,438 ) SQM.

5.) TCT. No. S-44736 register of Deeds of metro Manila district IV Situated in brgy. Putatan muntinlupa city (670)SQM.

6.) TCT. No. S-52124 of the register of Deeds for metro Manila IV Situated in brgy. Almaza Municipality of Las piñas. (1,148) SQM.

7.) TCT No. (S-52121)T-31743-A of the register of Deeds Las piñas city, Situated in BO. Almaza Las piñas (248) SQM.

8.) TCT No. 005-2019000 720 Registry of DEEDS for Las piñas city Situated in brgy .almanza Dos, Las piñas city (272) SQM.

9.) TCT No 150529 Registry of Deeds of the city of muntinlupa city, Situated in brgy. Putatan, muntinlupa city (6,624.16) SQM.

10.) TCT No. 19764 Registry of Deeds muntinlupa city Situated in Bo. Putatan, muntinlupa city (242) SQM.

11.) TCT No 16153 Registry of Deeds muntinlupa city, Situated in Bo. Putatan, muntinlupa city (300) SQM.

12.) TCT No. 19763 Registry of Deeds muntinlupa city, Situated in Bo. Putatan muntinlupa city (226) SQM.

13.) TCT No. 175003 Registry of Deeds for makati city Situated in Bo. Putatan, muntinlupa city (84) SQM.

14.) 3/54 share covered under TCT No. 004-2014 003268 of Registry of Deeds, Quezon city Situated in the district of Cobao, Quezon city (412) SQM.

15.) 3/54 share covered under TCT No. 004-2014 003 267 of Registry of Deeds, Quezon city, Situated in the district of cobao, Quezon city (200) SQM. EXTRA JUDICIALLY Among Legal heirs, Executed before notary public atty. Fe B. AÑONUEVO Under DOC. No. 130Page No. 26Book No. 157Series of 2023 Notarized Date: November 03, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 27, DECEMBER 4 & 11, 2023**

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
domzcaoile@yahoo.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 2 NO. 11 10.00 DECEMBER 11 - 17, 2023

# Xtreme Big Discounts



REVANZE

by Domz B. CAOILE

Hindi biro ang maging publisher ng isang munting weekly paper na tulad ng binabasa nyong BantayBalita, na sa simula, kapos sa tao, mga gamit sa opisina at ang malaking gastusin sa babayarang permit, licenses, printing cost, every week at iba pa.

Tapos, iintindihin pa ang distribution, circulation at paglalakad ng accreditation, tax clearances, PhilGeps, paghahanap ng mumunting anunsiyo at sponsorship dahil sa ubos na ubos na ang barya sa alkansya.

Salamat na lamang po sa maraming umaalalay -- na marami sa inyo ay hindi ko na babanggitin ang pangalan -- na kapag halos putol na ang aming pisi para maidugtong sa lingguhang printing ng BantayBalita, buo ang tiwala sa amin na nagbibigay ng life jacket para hindi malunod sa dagat ng kakapusan sa pinansya.

Sa inyo po, maraming-maraming salamat, at unti-unti po, ang liwanag ay sumisilip na, nagbubukas na sa amin ang sikat ng araw, at makababawi na, makababangon na.

Kumbaga sa isang sanggol, makahahakbang na kami, makalalakad na at sa susunod na mga buwan, makatatakbo na rin kami sa karera ng paghahatid ng makabuluhang impormasyon, balita at anunsiyo sa inyo pong mga giliw naming tagatangkilik.

@@@

Nagulat kami, tama ba ang tag price na nakikita namin na nakakabit sa appliances na nakadisplay?

Mas mura, kumbaga, ay malaking discount sa presyo ng mga nabili naming gamit sa bahay, ibang

*Sundan sa pahina 2*










# Lakeview Integrated School (LIS) Secures Second Place in 2023 Regional Best Gulayan sa Paaralan Program

Muntinlupa City -- Lakeview Integrated School (LIS) has been recognized for its commitment to promoting health and nutrition. The school has been awarded 2nd place for Best Implementation of the Gulayan Sa Paaralan Program (GPP) at the 2023 Regional Search.

LIS demonstrated its commitment to the principles of the Gulayan sa Paralan program.

The school impressed inspectors and earned the well-deserved recognition for its impressive efforts to create a successful and sustainable school garden.

Before the regional validation, LIS undergoes rigorous validation in the Division level assessments.

The validation team was comprised of Division school health personnel, invited Muntinlupa City Nutrition Committee members, and Muntinlupa Department of Agriculture staff.

LIS met and exceeded the exacting standards, aking an impressive entrance into the region.

Mr. Edwin L. Abalos, Head Teacher of Araling Panlipunan, represented the institution on behalf of the school principal, Dr. Rosendo E. Sangalang together with the GPP coordinator, and Mrs. Bernadette O. Corelo, during the awards ceremony last December 7, 2023, held at the HRDD Hub of the Department of Education Regional Office NCR, Bago Bante, Quezon City.

The event celebrated excellence in promoting nutrition and sustainability within the school community.

LIS' success highlights the importance of healthy eating and agricultural awareness among students.

The school's achievement is a beacon, emphasizing that even small steps toward a healthier future can yield commendable results.

